

MGA KASAYSAYAN NG PROPESIYA



Mga Lungsod ng Abo

Genesis 19:1-29

Ang Kasaysayan...

Batid ni Abraham na nagkamali ang kanyang pamangkin nang ilipat ni Lot ang kanyang sambahayan sa Sodoma. Ang mga lungsod sa ibaba ng ibis ng Jordan ay magaganda, ngunit ang mga ito ay maraming kabulukan. “Ang mga tao nga sa Sodoma ay masasama at mga makasalanang sa harap ng Panginoon.” Ipinasya ng Dios na puksain ang mga lungsod na ito dahil sa kanilang mga kasuklamsuklam na kasalanan, ngunit nagsugo muna Siya ng dalawang anghel upang iligtas si Lot at ang kanyang sambahayan.



Bago pumasok ng Sodoma, ang dalawang anghel ay naganyong mga manlalakbay. Nakita ni Lot ang dalawang makikisig na lalaki sa pagpasok nila sa pintuan ng lungsod, at sapagkot alam niya na hindi ligtas ang mga lansangan kung gabi, ay inanyayahan niya na tumuloy ang dalawa sa kanyang tahanan. Ngunit ang mga malulupit na lalaki ay nangagbabantay, at nang gabing yaon sila ay nagtipon sa harap ng tahanan ni Lot at nagpipilit na ilabas ni Lot ang kanyang mga panauhin. Ang pakiusap ni Lot sa masamang pulutong na ito ay hindi pinahalagahan at lalo lamang naginit ang masamang hangad ng mga ito na nagbanta na rin sa pamilya ni Lot. Hindi na nakapagpigil ang dalawang anghel; hinila nila si Lot at ipinasok sa loob ng bahay at binulag ang nag-uulol na pulutong.

Maaga pa kinabukasan, ay inutusan ng dalawa si Lot at ang kanyang pamilya, “Itakas mo ang inyong buhay! Huwag kang lumignon. ... Tumakas ka hanggang sa

bundok, baka ka mamatay. Genesis 19:17.

“At nagpaulan ang Panginoon ng asupre at apoy sa Sodoma at Gomorra mula sa langit.” Genesis 19:24. Si Lot at ang kanyang dalawang anak na dalaga lamang ang nakaligtas, sapagkat ang kanyang asawa ay lumignon at naging haliging asin. Ang Salita ng Dios ay nagsasabi sa atin na sa mga huling araw, ang kalagayan ng sanlibutan ay magiging katulad ng Sodoma at magiging gayon din ang kaparusahan.



Ang Pag-aaral...

Punan ang mga puwang pagkatapos na basahin ang bawat talata ng Biblia.

1. Anong dalawang lungsod ang ibinigay na halimbawa para sa pagpuksa ng mga masasama?

2 Pedro 2:6 *At pinarusahan Niya ng paglipol ang mga lungsod ng _____ at _____ na pinapaging abo, nang maging halimbawa sa mga nagsisipamuhay na masama.*

PALIWANAG: Pinuksa ng Dios ng apoy ang dalawang lungsod na ito—ang apoy ring pupuksa sa mga masama sa impiyerno.

2. Kailan pupuksain ang mga masama sa apoy ng impiyerno?

2 Pedro 2:9 *Ang Panginoon ay marunong ... at maglaan ng mga di matuwid sa ilalim ng kaparusahan hanggang sa araw ng _____.*

Juan 12:48 *Ang salita na aking sinalita ay siyang sa kanya'y bahatol sa _____.*

Mateo 13:40-42 *Gayon din ang mangyayari sa _____ ng _____ ito.*

Susuguin ng Anak ng tao ang kanyang mga anghel, at kanilang titipunin ... ang nagsisigawa ng katampalasanan. At sila'y igagatong sa kalan ng apoy.

PALIWANAG: Maliwanag ang sabi ng Biblia. Ang mga masama ay itatapon sa apoy sa araw ng paghuhukom sa katapusan ng sanlibutan; hindi sa panahon ng kamatayan. Ito'y nangangahulugan na walang nasa impiyerno ngayon. Narapat lamang na hindi parurusahan ang sinoman hanggang hindi pa siya nahahatulan sa paghuhukom. Ang mga tao ay gagantimpalaan o parurusahan sa ikalawang pagbabalik. (Apok. 22:12).

3. Kung ang mga masamang nangamatay na ay wala pa sa impiyerno, saan sila naroroon?

Juan 5:28, 29 *Ang oras ay dumarating, na ang lahat ng _____ ay makaririnig ng kanyang tinig, at magsisilabas ... ang nagsigawa ng masama ay sa pagkabuhay na maguli sa paghatol.*

Job 21:30, 32 *Ang masamang tao ay nakalaan sa kaarawan ng kasakunaan ... Gayon ma'y dadalhin siya sa _____ at mananatili _____.*

PALIWANAG: Tinitiyak ng Biblia na ang masama na nangamatay ay nakalaan sa libingan hanggang sa katapusan ng sanlibutan. Maririnig nila ang tinig ng Panginoon na tumatawag sa kanila at sila'y lalabas mula sa mga libingan, hindi sa apoy ng impiyerno.

4. Ano ang gantimpala o parusa para sa kasalanan?

Roma 6:23 *Ang kabayaran ng kasalanan ay _____, ngunit ang kaloob na walang bayad ng Dios ay buhay na walang hanggan kay Kristo Jesus.*





PALIWANAG: Ang kaparusahan sa kasalanan ay hindi walang hanggang buhay sa apoy ng impiyerno, kundi kamatayan. Lahat tayo ay mamamatay ng unang kamatayan (Sa Mga Hebreo 9:27), ngunit sinasabi ng Biblia na ang kamatayan ng masama sa impiyerno ay ang ikalawang kamatayan (Apok. 21:8). Sa unang kamatayan, ang lahat ay bubuhayin para sa gantimpala o kaparusahan; ngunit walang pagkabuhay na maguli sa ikalawang kamatayan. Dagdag pa rito, kung ang kaparusahan sa kasalanan ay walang hanggang paghihirap sa apoy ng impiyerno, hindi na sana binayaran ng Panginoon ang kaparusahan ng kasalanan.

5. Ano lamang ang dalawang mapagpipilian ng lahat ng tao?

Juan 3:16 *Ang sinomang sumampalataya sa Kanya ay huwag _____ kundi magkaroon ng _____.*

PALIWANAG: Ang limbo at purgatoryo ay hindi masusumpungan sa Kasulatan. Ang Biblia ay nagtuturo ng dalawa lamang na mapagpipilian—walang hanggang buhay o walang hanggang kamatayan (Deuteronomio 30:15).

6. Ano ang mangyayari sa masama sa apoy ng impiyerno?

Awit 37:10, 20 *Sapagkat sandali na lamang, at ang masama ay mawawala na ... Ngunit ang masama ay _____. ... Sa usok ay _____ sila.*

Malakias 4:1, 3 *Narito, ang araw ay dumarating, na nagniningas na parang hurno, ... at ang lahat na nagsisigawa ng kasamaan ay magiging parang dayami; at ang araw na dumarating ay _____ sa kanila, ... at inyong yayapakan ang masama; sapagkat sila'y magiging abo sa ilalim ng inyong mga paa.*

PALIWANAG: Ang masama ay masusunog sa impiyerno. Abo lamang ang matitira.

7. Nasaan ang apoy ng impiyerno?

Apok. 20:9 *At nagsipanhik sila sa kalaparan ng _____, at kinubkob ang kamento ng mga banal ... at bumaba ang apoy mula sa langit, at sila'y sinupok.*

2 Pedro 3:10 *Ang mga bagay sa langit ay mangapupugnaw sa matinding init, at ang _____ at ang mga gawang nangaroroon ay masusunog.*

PALIWANAG: Ang apoy ng impiyerno ay dito sa lupa, ang lupa ang magaapoy.

8. Ang diablo ba ang mangangasiwa ng apoy ng impiyerno?

Apok. 20:10 *At ang Diablo na dumaya sa kanila ay _____ sa dagatdagatan ng apoy at asupre.*

PALIWANAG: Ang diablo ay itatapon sa apoy. At siya ay magiging “abo ng lupa,” at “Ikaw ay hindi na mabubuhay pa” ang wika ng Dios kay Satanas. Ezekiel 28:18, 19.

9. Mamamatay ba ang apoy ng impiyerno?

Isaias 47:14 _____ magkakaroon ng _____ na mapagpapainitan o apoy na mauupuan sa harap.





PALIWANAG: Pagkatapos na ang kasalanan, ang mga makasalanan at lahat ng nasa lupa ay mapuksa, ang apoy ay mamatay. Hindi ito magliliyab magpakailan man. Ang walang hanggang kaparusahan ay hindi maaalis ang kasalanan. Ang panukala ng Dios ay hindi panatilihin ang kasalanan, kundi maihiwalay at puksain ito. “Apok. 21:5, Narito, ginagawa kong bago ang lahat.”

10. Ang kaluluwa at katawan ba ay kapwa pupuksain sa impiyerno?

Mateo 10:28 *Huwag ninyong katakutan ang pumapatay ng katawan, ngunit hindi nakapapatay ng kaluluwa; kundi bagkus ang katakutan ninyo’y yaong nakapupuksa ng _____ at _____ sa impiyerno.*

PALIWANAG: Marami ang naniniwala na ang kaluluwa ay hindi namamatay, ngunit dalawang ulit na sinabi ng Dios “Ang kaluluwa na nagkakasala ay mamamatay.” Sa Kasulatan, ang masama ay pupuksain sa apoy ng impiyerno, kaluluwa at katawan.

11. Para kanino ang apoy ng impiyerno?

Mateo 25:41 *Magsilayo kayo sa akin, kayong mga sinumpa, at pasa apoy na walang hanggan, na inihanda para sa _____ at sa kanyang mga anghel.*

PALIWANAG: Ang apoy ng impiyerno ay upang puksain si Satanas at ang kanyang mga anghel, at ang kasalanan. Kung tatanggi akong makawala sa salot ng kasalanan ako’y mapupuksang kasama nito, sapagkat kung hindi mapupuksa ang kasalanan, muling mahahawa rito ang sanlibutan.

12. Paanong binabanggit ng Biblia ang pagpuksa ng Dios sa masama?

Isaias 28:21 *Ang Panginoon ... ay napopoot ... upang Kanyang magawa ang Kanyang gawain, ang Kanyang kakaibang gawain; at papangyarihin ang kanyang gawain, ang Kanyang _____.*

PALIWANAG: “Ang Panginoon ay hindi ... Niya ibig na ang sinoman ay mapahamak, kundi ang lahat ay magsipagsisi.” 2 Pedro 3:9. Palagi Niyang sinasabi sa kanila, “Manumbalik kayo, manumbalik kayo na mula sa inyong masamang lakad; sapagkat bakit kayo mangamamatay?” Ezekiel 33:11. Ang pagpuksa sa tao ay salungat sa gawa ng Dios, kaya ang apoy ng impiyerno ay tinatawag na Kanyang “kakaibang gawa.” Ginawa ng Dios ang lahat upang iligtas ang tao. Bago sila puksain, ang bawat masamang tao ay aamin na ang Dios ay makatarungan (Roma 14:11).

13. Ang “apoy na hindi mapapatay” na sinasabi ba ng Biblia ay nangangahulugang apoy na kailan man ay hindi mamamatay?

Mateo 3:12 *Lilinisin Niyang lubos ang kanyang giikan; at titipunin Niya ang kanyang trigo sa bangan, datapuwat ang dayami ay Kanyang _____ sa apoy na hindi mapapatay.*



PALIWANAG: Hindi! Ang apoy na hindi mapapatay ay hindi mapapatay. Ngunit kapag ang lahat ay nasunog na, ito'y mapaparam. Halimbawa sa Jeremias 17:27, ay may babala na kung ang bayan ng Dios ay hindi tapat, magkakaroon ng apoy sa Jerusalem na "hindi mapapatay." Ngunit ang Kasulatan ay nagpapahayag na ang propesiyang ito'y ay natupad na. "At sinunog nila ang bahay ng Dios, at ibinagsak ang kuta ng Jerusalem, at sinunog sa apoy ang lahat na bahay hari niya, ... Upang ganapin ang salita ng Panginoon sa pamamagitan ng bibig ni Jeremias." Hindi mapapatay ang apoy hanggang hindi nasusunog ang lahat ng bagay; at kung magkagayon ito'y nawala na. Hindi ito nagliliyab ngayon, bagaman tinatawag ito ng Biblia na "hindi mapapatay."

14. Ang "walang hanggang apoy" ba ay nangangahulugang "walang katapusan"?

Judas 7 *Gayon din ang Sodoma at Gomorra ... ay inilagay na pinakahalimbawa, na sila'y nagbabala ng _____*

PALIWANAG: Sa talatang ito ay sinupok ng walang hanggang apoy ang Sodoma at Gomorra na halimbawa ng impiyerno, ngunit ang mga lungsod na yaon ay hindi na naglalagablab ngayon. Sila'y naging abo na (2 Pedro 2:6); ito ang ginagawa ng walang hanggang apoy.

15. Nang sabihin ng Apokalipsis 20:10 na ang masama ay parurusahan "magpakailan-kailan man, ito ba'y nangangahulugan ng walang katapusang panahon?"

Jonas 2:6 *Ang lupa sampun ng kanyang halang ay tumakip sa akin _____*

PALIWANAG: Hindi! Si Jonas ay nasa tiyan ng isda sa loob ng tatlong araw at tatlong gabi (Jonas 1:17), gayon man ay sinabi niyang "magpakailan man." Ang salitang Griego na isinaling "magpakailan man" sa Apokalipsis 20:10 ay "aion" na dito nagmula ang salitang English na "eon" na madalas ay kumakatawan sa isang di-tiyak na bahagi ng panahon. Ang mga salitang magpakailan man" ay 56 na ulit ginamit sa Biblia na tumutukoy sa bagay na natapos na. Halimbawa, ang "magpakailan man" ay inilalarawan ang buhay ng isang matapat na alipin (Exodo 21:6), at sa ibang lugar naman ito'y nangangahulugang 10 salin ng lahi. (Deut. 23:3). Sa tao ito'y madalas na nangangahulugan ng "habang siya ay nabubuhay." (1 Samuel 1:22, 28).



16. Pagkatapos na mapuksa ang kasalanan at makasalanan, ano ang gagawin ng Panginoon sa Kanyang bayan?

2 Pedro 3:13 *Ngunit, ayon sa Kanyang pangako, ay naghihintay tayo ng bagong langit at _____ na tinatahanan ng katuwiran.*

Apok. 21:4 *At papahirin Niya ang bawat luha sa inyong mga mata; at hindi na magkakaroon ng kamatayan; hindi na magkakaroon pa ng dalamhati, o ng pananambitan man, _____ na magkakaroon ng _____; ang mga bagay nang una ay naparam na.*

PALIWANAG: Sa mga abo ng dinalisay na sanlibutang ito, Ang Dios ay lilikha ng bagong langit at bagong lupa. Nangangako Siya ng katuwaan, kapayapaan, at di-mailarawang kaligayan para sa lahat ng nabubuhay na mga nilalang magpasawalang hanggan.

17. Muli bang babangon pa ang kasalanan?

Nahum 1:9 *Ang pagdadalamhatin ay hindi na _____ na ikalawa.*

PALIWANAG: Ang pangako ay tiyak. Hindi na muling magkakaroon ng kasalanan. Isaías 65:17 Narito, Sapagkat narito, ako'y lumilikha ng mga bagong langit at ng bagong lupa ; at ang mga dating bagay ay hindi na maaalaala o mapapasa-isip man.

18. Ano ang malalim na katanungan ni Job?

Job 4:17 *Magiging _____ pa ba ang taong may kamatayan kaysa Dios?*

PALIWANAG: Kung ang iyong anak ay maging pusakal na mamamatay-tao, madarama mo bang siya ay kailangang parusahan? Marahil. Ngunit nais mo ba siyang masunog na buhay sa apoy, sa matinding paghihirap, kahit na isang araw lamang? Tiyak hindi. Hindi mo matatagalan ito. Gayon din ang mapagmahal na Dios. Ang walang katapusang pahirap ay hindi mababata ng Dios at lubos itong salungat sa Kanyang likas ng pag-ibig at katarungan. Higit sa lahat ng anumang bagay, nais ng Panginoon na ikaw ay manahan sa Kanyang maluwalhati at bagong kaharian. Nais Niyang dumoon ka sa palasyong inihanda Niya para sa iyo. Magpapasya ka bang tanggapin ang Kanyang alok?

Karagdagan

Ang bahaging ito ay mga dagdag na impormasyon para sa dagdag na pag-aaral.

Ang Mayamang Lalaki at si Lazaro

Ginagamit ng marami ang talinghaga ng mayamang lalaki at ni Lazaro para patunayan na ang tao ay naparoroon karakaraka sa langit o sa impiyerno sa kanyang kamatayan. Hindi ito ang layunin ni Jesus sa paggamit ng kasaysayang ito. Ang salitang ginamit ni Jesus para sa “impiyerno” ay “Hades,” isang lugar na pahirapan sa mitolohiyang Griego. Ang lahat ng mga Judio na nakikinig ay naunawaan na ang Panginoon ay gumagamit ng isang bantug na mitolohiya upang magbigay diin sa nais Niyang ipaunawa. Kung uunawain natin ang Lukas 16:19-31, madali nating masusumpungan na ang talinhagang ito ay puno ng mga simbolo na kailan man ay hindi nais ng Panginoon na tanggapin nating literal. Halimbawa, lahat ba ng naligtas ay nagtutungo sa sinapupunan ni Abraham? Hindi. Maguusap ba ang mga tao sa langit at sa impiyerno? Hindi. Mapapalamig ba ng isang tulo ng tubig ang dila ng taong lumalagabgab sa impiyerno? Hindi. Si Abraham ba ang magpapasya kung sino ang ligtas at waglit? Hindi. Sa ganitong paraan, ang talinghaga ay hindi maaaring gamitin upang ituro na ang mga tao na namamatay bago dumating ang araw ng paghatol sa katapusan ng sanlibutan ay tutungo agad sa langit o sa impiyerno. Ipinahahayag ng Juan 12:48, “Ang salitang aking sinasalita ay siyang sa kanya'y hahatol sa huling araw.”

Ano ang talagang kahulugan ng talinghagang ito? Ang mayamang lalaki ay simbolo ng bansang Judio, na sagana sa Kasulatan. Samantalang ang pulubi sa pintuan ... ang mga Hintil—ay nagugutom sa Salita. Tinapos ng Panginoon ang kasaysayan ng mga salitang “Kung di nila pinakinggan si Moises at ang mga propeta, ay di rin sila mangahihikayat, kahit ang isa ay magbangon sa patay.” Lukas 16:31. At binuhay ng Panginoon ang isang taong nagngangalang Lazaro mula sa patay, at marami sa mga pinuno ng Judio ay hindi rin naniwala (Juan 12:9-11).

